



Sistema ng Proteksyon at Pagtataguyod ng California

Mga Karapatan sa Paglabas mula sa Ospital para sa mga Tumatanggap ng Medi-Cal at Medicare

Enero 2018, Lat. #7139.08

Ipinapaliwanag ng Paglalathalang ito ang iyong mga karapatan bilang tumatanggap ng Medi-Cal o Medicare kapag pinapalabas tungo sa bahay o sa iba pang pasilidad.

1) Gusto akong palabasin ng ospital ngunit hindi pa ako handang umuwi.

Ano ang maaari kong gawin upang manatili sa ospital nang mas matagal?

Maaari kang humiling ng pagtatasa sa pagpapalano sa paglabas ng ospital. Ang pagtatasa sa pagpapalano sa paglabas ng ospital ay isang pagtatasa ng ospital upang tingnan kung kailangan mo ng plano sa paglabas. Dapat kumpletuhin ng mga ospital ang pagtatasa kung hinihiling ito ng pasyente.¹

Kung ipinapakita ng pagtatasa na kailangan mo ng plano sa paglabas, dapat na bumuo ang ospital ng isa.² Dapat tiyakin ng plano sa paglabas ang maayos na paggaling, at iwasan ang muling pagpapa-ospital sa pamamagitan ng pagkilala at pagsasaayos ng anumang mga serbisyo na

¹ 42 CFR. § 482.43(b)(1) ([Bumalik sa Pangunahing Dokumentong](#))

² 42 C.F.R. § 482.43(c)(1) ([Bumalik sa Pangunahing Dokumentong](#))

iyong kakailanganin sa paglabas.³ Kung kinakailangan, ang plano sa paglabas ay dapat magsama ng “listahan ng mga ahensiya sa tahanan pangkalusugan, o [mga pasilidad sa propesyunal na pangangalaga], na magagamit mo, na lumalahok sa programa ng Medicare [o Medi-Cal], na naglilingkod o naninirahan sa [iyong] heyograpikong lugar.”⁴

Kung ikaw ay isang mamimili sa Rehiyunal na Sentro, dapat magbigay ang Rehiyunal na Sentro ng mga serbisyo sa nakatuon na pangangasiwa ng kaso. Nangangahulugan ito na ang Rehiyunal na Sentro ay dapat “tulungan [ka] sa paglipat mula sa inpatient tungo sa outpatient na katayuan, at sa pagsasaayos para sa naaangkop na serbisyo para sa taong inilalabas.”⁵ Ang Rehiyunal na Sentro ay responsable para sa plano ng paglabas hanggang 180 araw bago ang iyong paglabas. Kapag humiling ka ng plano sa paglabas, dapat mong isama ang iyong Nars o Doktor sa Rehiyunal na Sentro, at hilingin na pumunta ang Nars o Doktor sa Rehiyunal na Sentro sa iyong pagpupulong sa pagpapalano ng paglabas.

Kung ikaw ay pinalalabas tungo sa iba pang pasilidad, maaari kang humiling na bumisita sa mga pasilidad ng propesyunal na pangangalaga kung saan pinaplano ng ospital na ilipat ka. Kung ikaw o ang iyong personal na kinatawan ay bumisita sa pasilidad, ipaliwanag ang iyong mga pangangailangan sa pangangalagang pangkalusugan, at magtanong tungkol sa kung ang pasilidad ay may kakayahang pangalagaan ka.

Kung ang nakalistang pasilidad ay hindi ka kayang pangalagaan, ikaw o ang iyong personal na kinatawan ay dapat makipag-ugnayan kaagad sa ospital. Sabihin sa tagapangasiwa ng kaso sa ospital na ang ipinanukalang mga pasilidad ay hindi sapat, at tinututulan mo ang anumang paglabas tungo sa mga pasilidad na ito.

³ “Pagpapalano ng Paglabas sa Ospital: Isang Gabay para sa mga Pamilya at Tagapag-alaga,” makikita sa: [Pagpapalano ng Paglabas sa Ospital: Isang Gabay para sa mga Pamilya at Tagapag-alaga \(Bumalik sa Pangunahing Dokumentong\)](#)

⁴ 42 C.F.R. § 482.43(c)(6) [\(Bumalik sa Pangunahing Dokumentong\)](#)

⁵ Plano ng Estado sa Medicaid ng California, Suplemento 1 sa Kalakip 3.1-A, Seksyon 10.D, ayon sa binago ng Pagbabago sa Plano ng Estado 005-001, inaprubahan 3-14-05. [\(Bumalik sa Pangunahing Dokumentong\)](#)

2) Makatatanggap ba ako ng Abiso ng Aksyon para sa paglabas sa ospital?

Hindi kailangang magbigay ang ospital ng Abiso ng Aksyon ng paparating na paglabas sa ospital. Kung pinirmahan ng gumagamot na doktor ang kautusan sa paglabas, nangangahulugan ito na naniniwala ang gumagamot na medikal na mga tagapagbigay na hindi mo na kailangan ng talamak na pangangalaga. Kailangan lamang sabihin ng ospital sa iyo, o sa iyong kinatawan ng tagapagbigay ng pangangalaga sa pamilya, kapag inilabas ang kautusan sa paglabas, at kung kailan kalalabas.⁶ Bagama't may iba-ibang mga kasanayan ang mga ospital, ang Medi-Cal/Medicare/ospital ay hindi kailangang magbigay sa iyo o sa iyong kinatawan ng nakasulat na abiso sa paglabas.

3) Paano ko i-apela ang paglabas sa ospital?

Kung mayroon kang bayad para sa serbisyo na Medi-Cal at naniniwalang ang Medi-Cal ay mali sa pagtangkang ilabas ka, maaari kang humiling ng makatarungang pagdinig sa estado.⁷ Hindi ka maaaring umapela nang may bayad na tulong habang pinagpapasyahan kung hindi humiling ang doktor ng karagdagang mga serbisyo sa talamak na pangangalaga na itinanggi ng Medi-Cal.⁸ Tandaan na ang iyong apela ay maaaring hindi magtagumpay kung ang ospital-tagapagbigay ay hindi nagrerekomenda ng talamak na mga serbisyo.

Kung mayroon kang Plano sa Pinangangasiwaang Pangangalaga sa Medi-Cal, ang paglabas ng ospital ay hindi “pagtukoy na salungat sa benepisyo” (ABD, adverse benefit determination) na maaari mong iapela.

Gayunpaman, maaari kang humiling ng karagdagang mga araw sa Plano sa Pinangangasiwaang Pangangalaga (MCP, Managed Care Plan). Kung ang iyong kahilingan ay tinanggihan, maaari itong ituring na ABD.⁹ Sa gayon ay dapat mong sundin ang proseso sa panloob na pagdaing at mga

⁶ H.S.C. § 1262.5(d). ([Bumalik sa Pangunahing Dokumento](#))

⁷ 42 CFR § 431.220(a)(1) ([Bumalik sa Pangunahing Dokumento](#))

⁸ 42 CFR § 431.206(b)(1)-(4) ([Bumalik sa Pangunahing Dokumento](#))

⁹ 42 CFR § 438.400(b) ([Bumalik sa Pangunahing Dokumento](#))

apela ng MCP.¹⁰ Hindi malinaw sa ilalim ng batas kung ang proseso sa pagdaing at mga apela ay naaangkop dito, ngunit maaari mong subukan.

4) Kung mananatili ako sa ospital sa panahon ng aking apela, kailangan ko bang magbayad para sa aking pananatili sa ospital?

Kung ikaw ay nasa bayad para sa serbisyo na Medi-Cal at hindi hiniling ng doktor ang karagdagang talamak na mga serbisyo kapag sinabi ng ospital na ilalabas ka na, malamang na responsable ka para sa pananatili sa ospital kung mananatili ka sa ospital sa panahon ng apela dahil hindi ka maaaring umapela nang may bayad na tulong habang pinagpapasyahan.¹¹

Para sa mga nasa MCP, hindi malinaw kung maaari kang umapela nang may bayad na tulong habang pinagpapasyahan.

5) Anong mga serbisyo ang makatutulong sa akin sa bahay pagkatapos akong ilabas?

Kung ikaw ay kasalukuyang na-ospital, pag-isipang mag-apply para sa Pagpapaubaya sa mga Alternatibong Batay sa Bahay at Komunidad. Tingnan ang paglalathala ng Disability Rights California # 5591.01 para sa

¹⁰ Tingnan ang paglalathala ng DRC, “Mga Pagdaing at Apela sa Pinangangasiwaang Pangangalaga sa Medi-Cal,” makikita sa: [Makikita sa: Pinangangasiwaang Pangangalaga sa Medi-Cal: Mga Apela at Pagdaing](#); tingnan din, Sulat sa Lahat ng Plano (APL, All Plan Letter) 17-006, makikita sa: [MGA KINAKAILANGAN SA PAGDAING AT APELA SA DHC AT BINAGONG HUWARAN NG MGA ABISO AT “IYONG MGA KARAPATAN” NA MGA KALAKIP. \(Bumalik sa Pangunahing Dokumento\)](#)

¹¹ Ang bayad na tulong habang pinagpapasyahan ay hindi pinahihintulutan kapag ang 10 araw o 5 araw na paunang abiso ay kinakailangan. 42 CFR § 431.230. Ang paunang abiso ay hindi kinakailangan kapag “ang pagbabago sa lebel ng medikal na pangangalaga ay inirereseta ng [iyong] doktor.” 42 CFR § 431.230(a). Binago ng doktor ang iyong lebel ng medikal na pangangalaga nang pinirmahan nya ang kautusan sa paglabas. See also, 22 C.C.R. § 51014.2(a); MEDI-CAL PROVIDER MANUALS, “TAR Deferral/Denial Policy (Frank v. Kizer),” Inpatient Services (IPS). [\(Bumalik sa Pangunahing Dokumento\)](#)

karagdagang impormasyon.¹² Kadalasan ito ay mahabang listahan ng paghihintay upang mapasok sa Pagpapaubaya. Kung ikaw ay kasalukuyang nasa ospital at kailangan ng pagpapaubaya upang ilabas tungo sa iyong bahay, hindi ka ilalagay sa listahan ng paghihintay.

Kung ikaw ay naninirahan sa isang inpatient na pasilidad ng propesyunal na pangangalaga, pasilidad ng intermedyang pangangalaga para sa may kapansanan sa pagsulong, o natatanging bahagi ng ospital para sa talamak na pangangalaga (DP/NF, Distinct Part Nursing Facility) sa higit na 90 araw, ngunit kailangan pa rin ng mga serbisyong katulad ng mga natanggap mo sa ospital upang mamuhay nang malaya, maaaring kwalipikado ka para sa Programa sa Paglilipat sa Komunidad ng California (CCT, California Community Transitions). Tumutulong ang programa sa CCT sa mga taong may Medi-Cal upang makakuha ng dagdag na tulong na kailangan nila upang lumipat mula sa medikal na pasilidad tungo sa kanilang sariling tahanan. Ang ilang mga serbisyo na binibigay ng programang CCT ay ang pagbabayad para sa mga pagbabago sa bahay katulad ng mga baranda na panghawak at rampa, o mga programa sa pagkilala na makatutulong sa iyo na mamuhay sa komunidad. Tingnan ang paglalathala ng DRC sa CCT # 5602.01 para sa karagdagang impormasyon.¹³ Mangyaring tandaan na ang programang ito ay maaaring hindi magpatuloy lampas ng 2018. Gayunpaman, dapat mo pa ring tingnan sa iyong lokal na CCT dahil maaaring muling i-awtorisa ang pagpopondo.

Ang Mga Serbisyong Pansuporta Sa-Bahay (IHSS, In-Home Supportive Services) ay isa pang programa na nag-aalok ng mga serbisyo sa pangangalaga ng katulong sa bahay. Kung mag-apply ka para sa IHSS habang nasa ospital, dapat kang tasahan ng IHSS habang ikaw ay nasa

¹² Tingnan ang paglalathala ng Disability Rights California bilang 5591.01, makikita sa: [Ang Pagpapaubaya sa mga Alternatibong Batay sa Bahay at Komunidad \(HCB, Home and Community Based\) \(dating kilala bilang Pagpapaubaya sa Pasilidad ng Propesyunal na Pangangalaga/Talamak na Ospital\): Mga Pangunahing Impormasyon . \(Bumalik sa Pangunahing Dokumentu\)](#)

¹³ Tingnan ang paglalathala ng Disability Rights California bilang 5602.01, makikita sa: [The California Community Transitions \(CCT\) Program: A Way for a Nursing Home Resident to Return to the Community. \(Return to Main Document\)](#)

ospital, upang magkaroon ka ng IHSS kapag inilabas ka tungo sa bahay.¹⁴ Ang karagdagang impormasyon tungkol sa IHSS ay makikita sa website ng DRC ([Paglalathala ng Disability Rights California: Mga Serbisyon Pansuporta Sa-Bahay \(IHSS, In-Home Supportive Services\)](#)).

6) Maaari ba akong “itapon” ng ospital sa kalye?

Hindi, ang mga ospital ay “dapat gumawa ng mga pagsasaayos para sa pangangalaga paglabas sa ospital para sa mga pasyenteng malamang na magdaranas ng salungat na mga kahihinatnan sa kalusugan sa kanilang paglabas.”¹⁵

7) Ano ang mga karapatan sa paglabas sa ospital para sa mga pasyenteng walang tahanan?

Ang mga ospital ay hindi pinahihintulutan na magdiskrimina laban sa mga pasyenteng walang tahanan.¹⁶ Dapat may patakaran na nakasulat na plano sa paglabas ang mga ospital para sa pasyenteng walang tahanan na “tutulong na ihanda ang pasyenteng walang tahanan na bumalik sa komunidad sa pamamagitan ng pagkonekta niya sa magagamit na mga mapagkukunan, paggamot, silungan, at iba pang pansuportang mga serbisyo sa komunidad.”¹⁷ Ang ospital ay dapat “gabayan ng pinakamabuting mga interes ng pasyenteng walang tahanan, kaniyang pisikal at pangkaisipan na kondisyon, at mga kagustuhan ng pasyenteng walang tahanan para sa pagtatalaga.”¹⁸

Dagdag pa, dapat ipaalam sa pasyenteng walang tahanan ang kanilang pagpipiliang mga opsyon sa pagtatalaga. Dapat ibigay ang mga patakaran

¹⁴ Tingnan ang paglalathala ng Disability Rights California bilang 5239.01. Tingnan din ang Sulat sa Lahat ng County Bilang 02-68: [Department of Social Services: Grievance and Appeal Requirements and Revised Notice Templates and “Your Rights” attachments \(Bumalik sa Pangunahing Dokumento\)](#)

¹⁵ 42 C.F.R. § 482.43(a). ([Bumalik sa Pangunahing Dokumento](#))

¹⁶ H.& S.C. § 1262.5(n)(2). ([Bumalik sa Pangunahing Dokumento](#))

¹⁷ H.& S.C. § 1262.5(n)(3). ([Bumalik sa Pangunahing Dokumento](#))

¹⁸ Id. ([Bumalik sa Pangunahing Dokumento](#))

sa paglabas ng pasyenteng walang tahanan sa ospital sa pasyente sa wikang nauunawaan ng pasyente.¹⁹

Ang pasyenteng walang tahanan ay maaaring ilabas tungo sa sumusunod:²⁰

- Lisensyadong pasilidad na pangkalusugan;
- Ahensiya sa mga serbisyong panlipunan, hindi para sa kita na tagapagbigay ng mga serbisyo, o tagapagbigay ng serbisyo ng gobyerno hangga't parehong ang pasyente at tagapagbigay ay sumang-ayon sa pagtatalaga;
- Tirahan ng pasyenteng walang tahanan, kabilang ang lokasyon na kinikilala ng pasyenteng walang tahanan bilang kanilang pangunahing lugar ng paninirahan; o
- Isang alternatibong lokasyon na tinukoy ng pasyenteng walang tahanan.

Hindi ka maaaring ilipat ng ospital sa isa pang county upang tumanggap ng mga serbisyong pansuporta mula sa ahensiya ng mga serbisyong panlipunan, hindi para sa kita, o tagapagbigay ng serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan, nang hindi kinukuha ang awtorisasyon mula sa ahensiyang iyon.²¹ Ang paglabas tungo sa Mga Serbisyong Pamprotekta para sa Nasa Wastong Gulang ay hindi rin katanggap-tanggap na plano ng paglabas.²²

Ang ospital ay dapat ding idokumento at maglaan para sa kapakanan ng taong walang tahanan bago ilabas, kabilang sa ilan ang:²³

- Pag-alok ng pagkain bago ilabas;
- Pag-alok ng damit na naaangkop sa panahon kung hindi sapat ang damit;

¹⁹ H.& S.C. § 1262.5(n)(5). ([Bumalik sa Pangunahing Dokumento](#))

²⁰ H.& S.C. § 1262.5(n)(4)(A-C). ([Bumalik sa Pangunahing Dokumento](#))

²¹ H.& S.C. § 1262.4(a). ([Bumalik sa Pangunahing Dokumento](#))

²² See All County Information Notice I-42-18, and [Discharge Planning: Guidance for Adult Protective Services Programs.](#)([Bumalik sa Pangunahing Dokumento](#))

²³ H.& S.C. § 1262.5(o)(1-10). ([Bumalik sa Pangunahing Dokumento](#))

- Pagbibigay ng inireresetang gamot o medikasyon kung kailangan at kung makukuha;
- Pag-alok ng mga bakuna o pagsusuri para sa nakahahawang mga sakit na karaniwan sa lugar;
- Pagsusuri at pagtulong sa pagpapatala sa abot-kayang saklaw sa seguro sa kalusugan;
- Pagsusuri at pagsangguni sa pangangalaga sa kalusugan ng pag-uugali kung kailangan; at
- Pag-alok ng transportasyon sa paglilipatang lokasyon na 30 minuto ang oras ng byahe o 30 milya ang distansya mula sa ospital.

Simula Hulyo 1, 2019, ang mga ospital ay dapat mayroong taun-taong binabago na “nakasulat na plano para sa pagsasaayos ng mga serbisyo at pagsangguni para sa mga pasyenteng walang tahanan sa ahensiya ng kalusugan ng pag-uugali ng county, mga ahensiya ng pangangalagang pangkalusugan at mga serbisyong panlipunan sa rehiyon, at mga hindi para sa kita na tagapagbigay ng mga serbisyong panlipunan” na kasama ang sumusunod: ²⁴

- Ang “listahan ng lokal na mga kanlungan para sa mga walang tahanan, mga pamamaraan sa pagpasok at mga kinakailangan, populasyon ng kliyenteng pinaglingkuran, at saklaw ng mga serbisyong medikal at sa kalusugan ng pag-uugali na magagamit,”
- Mga pamamaraan ng ospital para sa “mga pagsangguni ng pasyenteng walang tahanan sa kanlungan, medikal na pangangalaga, at pangangalaga sa kalusugan ng pag-uugali,”
- “impormasyon ng pakikipag-ugnayan sa tagapag-ayos ng pagpasok sa kanlungan ng mga walang tahanan,” at
- “mga protokol sa pagsasanay ng kawani para sa pagplano ng paglabas.”

8) Kanino ako maaaring magreklamo tungkol sa ospital?

Maaari kang magsampa ng pagdaing ng pasyente sa iyong ospital.²⁵

²⁴ H.& S.C. § 1262.5(p)(1-4). ([Bumalik sa Pangunahing Dokumento](#))

²⁵ Inaatasan ng mga pederal na regulasyon ang mga ospital na magkaroon ng mga pamamaraan sa pagdaing ng pasyente. 42 C.F.R. § 482.13(a)(2) ([Bumalik sa Pangunahing Dokumento](#))

Maaari ka ring magsampa ng reklamo laban sa iyong ospital sa Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan sa Paglilisensya & Sertipikasyon (Department of Public Health Licensing & Certification) ng California.²⁶

Upang magsampa ng reklamo laban sa partikular na doktor, maaari mong gawin ito sa Medikal na Lupon ng California (California Medical Board): [Medikal na Lupon ng California: Impormasyon sa Pagreklamo](#)

Maraming mga ospital ang binibigyang-kapangyarihan sa pamamagitan ng Ang Pinagsamang Komisyon. Ang Pinagsamang Komisyon ay may proseso sa pagreklamo para sa anumang pasilidad ng kalusugan na kanilang binibigyang-kapangyarihan. Narito ang link sa kanilang website na may karagdagang impormasyon.

[Ang Pinagsamang Komisyon: Mag-ulat ng Kaganapan sa Kaligtasan ng Pasyente](#)

Kung ikaw ay tumatanggap ng Medicare, maaari kang magsampa ng reklamo sa Livanta (tingnan: [Estado ng California: Tanggapan ng Tagapagtaguyod ng Pasyente \(Office of the Patient Advocate\) sa mga Reklamo sa Medicare](#))

Kung tumatanggap ka ng bayad para sa serbisyo na Medi-Cal, maaari kang magsampa ng reklamo sa Tanggapan ng Tagapagtaguyod ng Pasyente (Office of the Patient Advocate) ng Estado ng California: [Estado ng California Tanggapan ng Tagapagtaguyod ng Pasyente \(Office of the Patient Advocate\)](#).

Kung ikaw ay tumatanggap ng Medi-Cal sa pamamagitan ng MCP, sa gayon ay maaari kang makipag-ugnayan sa Tanggapan ng Ombudsman (Office of the Ombudsman) (isang walang kaugnayan na ikatlong partido na sinusubukang lutasin ang mga salungatan sa pagitan ng MCP at pasyente). Ang kanilang impormasyon ay makikita sa: [Pinangangasiwaang Pangangalaga at Kalusugan sa Isip ng Medi-Cal Tanggapan ng Ombudsman](#)

²⁶ Maaari mo itong gawin online dito: [Magreklamo Laban sa Pasilidad/Tagapagbigay na Pangkalusugan. \(Bumalik sa Pangunahing Dokumento\)](#)